AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

**READING FOR GRADES 3-6**
**Aralin 13**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong **"Sol - A Legend About the Sun" na isinulat ni Agay Llanera**. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 13** |
|---|
| Book Title: Sol- A Legend About the Sun |
| Author: Agay Llanera |
| Source: CANVAS |

**I. Pagbati**
Good afternoon sa inyong lahat! ☀Si Teacher _____ ay nandito para sa ating Reading Lesson. Sa araw na ito'y malalaman na natin ang wakas ng librong 📚 Sol - A Legend About the Sun 📚 ni Agay Llanera.

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽
Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Isaisip ang mga ito habang nagbabasa!

**III. Talasalitaan** 💬
Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa ibabang makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Napaismid -** napa-irap
**(2) Nabihag -** nahuli o naakit
**(3) Halina -** angking ganda
**(4) Kirot -** sakit

Tara na't ituloy ang pagbabasa sa kwento.
--

**IV.📚 SOL - A LEGEND ABOUT THE SUN NI AGAY LLANERA**
*Bigkasin natin ang kada-linya 📣*

•Napaismid ang Buwan 🌕 sa lahat ng kaniyang nasaksihan.
•Nag-isip 🤔 ito ng paraan upang mabawi ang minamahal.
•Alam niyang kailangang kumilos kaagad.

•Nang araw ding iyon, habang naghahandang magpahinga ang Araw ☀ ay sumikat naman ang Buwan 🌕.
•"Nabihag na pala ng binatang iyon ang puso mo."
•Napabuntong-hininga ang Araw 😞.

•"Mayroon siyang taglay na kakaibang halina. Inalayan niya ako ng kanyang mga awit 🎶🎶. Iba siya sa ating mga nilalang sa kalangitan."
•"Ngunit mahal ko, tao 🚶‍♂ lamang siya," Hinawakan ng Buwan ang kamay ng Araw.
•"Kay tagal na kitang minahal, mula pa noong unang nilikha ang langit."

•Sumimangot ang Araw at inalis ang kamay sa pagkakahawak ng Buwan.
•"Wala ka namang bagong maiaalay sa akin."
•"Diyan ka nagkakamali 🙅‍♂. Mayroon akong maaaring ibigay sa iyo."

•Inilabas ng Buwan 🌕 ang isang koronang ginto na ubod ng kinang 👑, kung kaya't kinailangan pang takpan ng Araw ang kanyang mga mata.
•"Nilikha ko ito mula sa sarili kong sinag, mula sa ningning na galing pa sa aking kaloob-looban."
•Ito ang aking liwanag at nais ko itong ibahagi sa iyo.

•Manghang-mangha 😯 sa nakasisilaw nitong liwanag, kinuha ng Araw ang korona.
•"Kapag tinanggap mo ito, pagsasaluhan natin ang iisang ilaw at habambuhay tayong magiging magkatuwang."
•Alam ng Araw kung ano ang ibig sabihin nito.

•Daglian niyang narinig ang musika 🎶 ni Amorsolo at nakaramdam siya saglit ng kirot sa puso 💔.
•Ngunit nang makita niya sa tubig 🏞 ang sariling anyo na nakasuot ng makinang na korona, alam na niya kung ano ang kaniyang nais.
•Kinabukasan, tumungo muli si Amorsolo sa kalangitan 🌌.

•Ngunit bago pa man niya marating ang mga ulap ☁☁ ay nakaramdam na siya ng matinding init.
•Hindi siya makahinga. Sa kanyang pagkabalisa 🥺, tumugtog siya ng isang nota🎵.
•"Amorsolo?"

•“Sol! Ipakita mo ang iyong mukha upang mabawasan ang matinding init na ito.”
•"Narito ako, nababalot sa liwanag ng Buwan. Hindi ba’t higit pa akong gumanda?"
•Tinakpan ni Amorsolo ang kanyang mga mata😣.

•“Nasaan ka? Ano’ng nangyari sa iyo?”
•Lalo pang lumapit ang Araw, na lubus-lubusan sa pagkinang.
•Ang dati nitong banayad na init ay sadya nang maapoy at nakamamatay ngayon.

•"Nakipag-isang dibdib na ako sa Buwan. Pinagsasaluhan namin ang iisang liwanag. Ngayo’y wala nang tatalo pa sa aking ningning at kinang!"
•Kumulot at nagsiputol ang mga kuwerdas ng biyolin 🎻 ni Amorsolo dahil sa labis na init.
•Ramdam niya sa kaniyang balat ang init ng apoy 🔥.

•Ang kaniyang kabayo’y 🐎 nagsimulang umiyak sa sakit na nararamdaman.
•Bago pa man niya mapansin, nahulog na sila mula sa langit.
•Isang mayabong na puno 🌳 ang sumalo kay Amorsolo mula sa pagkakahulog nito.

•Nakita niya sa gawing ibaba ang kaniyang kawawang kabayo 🐎.
•Nanumbalik ito sa pagiging kahoy na ngayo’y nakasambulat, pira-piraso at naging abo.
•Maging ang biyolin 🎻 ni Amorsolo ay natupok🔥.

•Gusto niya sanang umiyak 🥺 ngunit maging ang luha niya’y tinuyo na ng Araw ☀ bago pa man ito pumatak.
•Ngayon, ubod na ng tindi ang sikat ng Araw.
•Hindi na maaaring tingnan ang pambihirang kagandahan nito dahil sa nakabubulag niyang kinang.

•Ang init niya’y nakapapaso at nakasusunog.
•Ngunit patuloy siyang sumisikat araw-araw. Sa kaniyang paniniwala, siya ang pinakamagandang nilalang sa langit.
•Hinahanap-hanap pa rin niya ang mga awit 🎶🎶 ni Amorsolo, kahit ito’y lumisan na at bumalik sa lupa.

•Ang sabi nila’y may isang malaking punong tumubo 🌲kung saan humimlay si Amorsolo.
•Ang matipunong pangangatawan ng puno’y may matingkad na kulay ng kamagong.
•Kapag umiihip 🌬 ang hangin sa mga sanga nito, isang tunog 🎶🎶 ang maririnig at bumabalot sa buong kagubatan.
•Ngunit hindi na ito umaabot pa sa kalangitan.

--
Natapos rin! Nabasa mo bang maigi? Kung ganon ay napakagaling!!

**V. Gawain** ✏️
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Nang masaksihan ni Buwan ang ginagawang pang-haharana ni Amorsolo, anong ginawa nito upang mahalina muli si Araw?

🔎Ano naman ang nangyari kay Amorsolo matapos makita si Araw suot ang koronang ginto?

🔎Naabo ang kabayo at ang biyolin ni Amorsolo, lumipas ang panahon at yumao rin si Amorsolo, ano ang nangyari sa lugar na kanyang hinihimlayan?

**VI. Pagnilayan** 🙏🏽
Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan ang katanungang ito:

Anong nararamdaman mo tuwing ikaw ay nabibigo?

Ang malungkot 🥺, magalit😡, o umiyak😭 ay natural kung tayo'y makakaranas ng kabiguan. Ang kabiguan ay isa ring natural na parte ng ating buhay, ngunit tuwing makakaranas ng kabiguan sa mga pagsubok ng buhay, ang mahalaga'y nasubukan mo ito. Hinarap mo ang hamon at ika'y sumubok. Ngayon maaaring ikaw ay nabigo, ngunit maaaring sa susunod ay mas alam mo na ang dapat tahaking landas.

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain** ✏️
🔎Nagbigay ito kay Araw ng isang koronang gintong ubod ng kinang. Ito daw ay likha ni Buwan mula sa kanyang liwanag. Kung ikaw ang Araw kukunin mo ba yung korona?

🔎 Sa sobrang kinang nito'y ito na ay sobrang nakakapaso at nakakabulag, dahil dito nahulog si Amorsolo mula sa kalangitan. Kung ikaw si Amorsolo, lalapitan mo pa ba ang araw kung maramdaman mong nakakapaso na ito?

🔎Ang kanyang lugar-himlayan ay nagkaroon ng malaking puno na may matipunong katawan at matingkad na kulay ng kamagong. Tuwing humahangin ito rin ay naglalabas ng tunog na maririnig sa buong kagubatan.

**VIII. Pagtatapos**✔️

Natapos din natin ang libro!! Good job!👍

Mayroon bang parte ng lesson na nahirapan o naguluhan? Meron bang gustong i-share tungkol sa istorya? Magmessage lamang at i-mention si Teach. Maaari ring magsend ng PM o private message 💬 kay Teacher!

-

This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.